MICROFINANCE INDUSTRY ADVISORY

Paglalahad ng mga Halagang Babayaran sa Pagpapautang at Pagbebenta ng Seguro

Alinsunod sa Social Reform and Poverty Alleviation Act ng 1997 (Republic Act 8425), ang National Anti-Poverty Commission (NAPC), isang ahensya sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo, ay mayroong mandatong maisaayos, mapangasiwaan at ma-monitor ang pagpapatupad ng mga patakaran at programa ng gobyerno para sa pagpapababa ng antas ng kahirapan, lalo na sa pagpapalakas ng industriya ng microfinance. Itinatakda ng Seksyon 13 ng batas na *"ang mga programa at mekanismo ng pagpapatupad ng Flagship Program on Credit ng Social Reform Agenda ay pag-iisahin, gagamitin at palalawakin upang epektibong masuportahan ang mga layunin ng RA 8425, ayon sa mga sumusunod*:

(1) Pagbuo ng isang patakaran, lalo na sa savings mobilization, na tutulong sa mga inisyatibo ng batayang sektor sa paglilingkod sa mahihirap sa pamamagitan ng mga serbisyong microfinance;

(2) Pag-rationalize sa mga kasalukuyang programa ng gobyerno para sa pautang at garantiya;

(3) Paggamit ng mga institusyong pinansyal ng pamahalaan para sa pagbibigay ng mga produkto at serbisyo para sa mahihirap; at

(4) Pagpapalakas ng mga mekanismong kailangan para sa pagpapatupad ng serbisyong microfinance, kasama ang mga katutubong kalakaran ng microfinance."

Dahil sa layuning makapagtatag ng isang kapaligirang makakatulong sa microfinance, inilabas ng NAPC ang advisory na ito para matiyak na matatag at sustainable na mga programa ang sinusunod ng mga MFIs at iba pang institusyong nagbibigay ng mga serbisyong microfinance, at gayon din ng ibang stakeholder sa pagsasagawa ng kanilang pagtulong pinansyal, bilang suporta sa social reform agenda.

1. Paglalahad ng Halagang Babayaran sa Pagpapautang/Pagbibigay ng Kredit

Layunin ng Advisory na ito na isulong at ipaalam sa mga MFIs at iba pang istitusyong nagbibigay ng serbisyong microfinance na kailangan nilang ipaalam ang mga financial costs at financial charges kaugnay ng pagpapautang/pagbibigay ng kredit sa kliyente. Gaya ng itinatakda sa ilalim ng Truth in Lending Act (Republic Act 3765), inaatasan ang lahat ng nagpapautang, kasama na ang mga NGOs , bukod sa iba pang bagay, na lubos na ipaalam sa paraang nasusulat, ang mga sumusunod na impormasyon sa kanilang mga pinapautang/kliyente/miyembro:

- mga inisa-isang halaga, na binayaran o babayaran na may kaugnayan sa transaksyon pero hindi kaugnay sa pagpapahaba ng panahon ng pautang;

- ang buong halaga na popondohan;
- ang finance charge, nakasaad sa piso at sentimo; at
- ang porsyento ng finance charge na ito sa kabuuang pondo, bilang isang simpleng taunang interes sa balanseng hindi pa nababayaran.

II. Pagbebenta ng Seguro

Naglalayon ang Advisory na ito na isulong at ipaalam sa mga MFIs at ibang institusyong nagbibigay ng serbisyong microfinance na ang pagbebenta ng seguro ay isang gawaing nasa ilalim ng regulasyon. Sa ilalim ng Insurance Code ng Pilipinas, hinihingi sa MFIs at iba pang institusyong nagbebenta ng seguro, na kumuha ng lisensya bilang tagaseguro o insurance provider tulad ng mutual benefit association (MBA), mula sa Insurance Commission bago sila magsimula ng operasyon.

Sa ilalim ng Insurance Code, maaaring bigyan ng lisensya ang alinmang organisasyon o asosasyon na maging isang mutual benefit association para magbigay ng alinman sa mga sumusunod na serbisyo:

a. pagbabayad ng benepisyo ng pagkakasakit sa mga miyembro

b. suportang pinansyal sa mga miembro habang wala pang trabaho ang mga ito

c. pagbabayad ng isang fixed (pinag-usapan o itinakda) na halaga o anumang halaga sa mga kaanak ng mga namatay na miyembro (walang kinalaman kung ang nasabing layunin ay tinutupad sa pamamagitan ng mga fixed dues o regular na koleksyon mula sa mga miembro)

d. pagbabayad ng mga benepisyo kaugnay ng aksidente

e. pagbabayad ng benepisyo kaugnay ng life insurance

Hinihikayat ng NAPC, kasama ang National Credit Council (NCC) ng Department of Finance (DOF), Cooperative Development Authority (CDA), Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), Insurance Commission (IC) at ng Pamahalaan, ang lahat ng mga MFIs at iba pang institusyong nagbibigay ng serbisyong microfinance, na sundin ang lahat ng probisyon ng Truth in Lending Act at Insurance Code, dahil ang hindi pagsunod sa batas na ito ay may kaparusahang multa o pagkakulong ng anim (6) na buwan, o pareho, ayon sa kapasiyahan ng korte.

Maaaring isumite ang mga natapos na aplikasyon sa Licensing Division ng Insurance Commission, na nasa sumusunod na address:

1071 United Nations Avenue, Manila, Philippines
P.O. Box 3589, Manila
Fax No.: (632) 522-1434
Trunk line: (632) 523-8462 hanggang 70

Nawa'y magsilbi itong gabay.